# ANG MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA SA CANADA

## VICTIM IMPACT STATEMENT (PAHAYAG TUNGKOL SA EPEKTO SA BIKTIMA)

### Ano ang ibig sabihin ng victim impact statement (pahayag tungkol sa epekto sa biktima)?

Ang victim impact statement ay isang nakasulat na pahayag na naglalarawan sa pangkatawan o emosyonal na pinsala, pagkasira sa ari-arian, o pinansyal na pagkalugi na nadama ng biktima ng isang pagkakasala. Dapat isaalang-alang ng Hukuman ang pahayag kapag sinesentensiya nito ang táong nagkakasala.

Ang victim impact statement ay nagbibigay sa mga biktima ng krimen ng pagkakataong marinig sa criminal justice system. Gamit ang kanilang mga sariling salita, pinahihintulutan nito ang mga biktima na ipaliwanag sa Hukuman at sa táong nagkakasala kung paano sila naapektohan ng krimen.

### Karapatan ng isang biktima!

Ang *Canadian Victims Bill of Rights (Katipunan ng Canada Ukol sa mga Karapatan ng Biktima)* ay isinabatas noong Hulyo 23, 2015. Ang Batas na ito ay nagbibigay sa bawat biktima ng karapatang magsumite ng victim impact statement at ipasaalang-alang ito sa Hukuman o sa Review Board kapag sinesentensiya nito ang isang akusado, o kapag gumagawa ito ng ibang mga desisyon tungkol sa isang taong natuklasang not criminally responsible (walang kriminal na pagkakasala). Ang mga karapatang ito ay bahagi ng karapatan ng isang biktima na lumahok

### Sino ang maaaring maghanda ng isang victim impact statement?

Ang sinomang taong pisikal o emosyonal na napinsala, o nasiraan ng ari-arian, o nawalan ng pera bilang resulta ng isang pagkakasala sa kanila o sa ibang tao, ay maaaring maghanda ng isang victim impact statement. Maaaring kabilang dito ang mismong biktima at pati na rin ang isang taong apektado ng krimen na nagawa laban sa ibang tao, tulad ng isang kapamilya o minamahal sa buhay.

Ang isang victim impact statement ay maaaring ihanda ng isang taong kumikilos para sa biktima, kabilang ang mga taong iniwan ng mga biktimang yumao, magulang, o guardian ng isang batang biktima, o isang asawa, dependant, o kamag-anak ng isang biktima na hindi makagawa ng isang statement.

## Maaari bang basahin nang malakas ng isang biktima ang kanyang victim impact statement?

Kung nais basahin nang malakas ng isang biktima ang kanyang victim impact statement sa panahon ng sentencing hearing (paglilitis para sa sentensiya), dapat ito pahintulutan ng Hukuman. Maaari ring piliin ng Hukuman na pahintulutan ang biktima na ibigay nito ang kanyang victim impact statement sa ibang paraan na itinuturing na naaangkop, tulad ng isang pre-recorded video.

Maaari ring hilingin ng biktima na basahin niya ang kanyang statement o pahayag:

- •habang may support person na pinili ng biktima, na nasa tabi niya;
- •habang siya'y nasa likod ng isang screen; o kaya
- •sa labas ng hukuman gamit ang closed-circuit television nang hindi niya kailangang makita ang táong nagkakasala.

## Ano ang maaaring isama sa victim impact statement?

Ang isang victim impact statement ay dapat ihanda gamit ang standard na pormularyo para sa victim impact statement na siyang ginagamit sa lahat ng provinces at territories. Maaaring ilarawan nito kung paano naapektohan ng pagkakasala ang emosyonal, pangkatawan, at pinansyal na kabutihan, at ano pa mang ibang takot ng biktima para sa kanyang sariling kaligtasan o kaligtasan ng kanyang pamilya at mga kaibigan. Maaaring magsama ng drawing, tula, o sulat ang biktima, upang ipahayag kung paano naapektohan ng pagkakasala ang biktima.

Ang biktima ay maaaring magdala ng retrato ng kanyang sarili na kinuha bago nangyari ang pagkakasala, habang ibinibigay ng biktima ang kanyang victim impact statement, basta sa palagay ng Hukuman na hindi nito maiistorbo ang paglilitis. Kung may ibang taong kumikilos para sa biktima ang nagbigay ng victim impact statement, maaaring ipakita ng táong iyon ang retrato ng biktima na kinuha bago nangyari ang pagkakasala, habang ibinibigay niya ang kanyang presentation, basta sa palagay ng Hukuman na hindi nito maiistorbo ang paglilitis

## Paano ba isinusumite ang victim impact statement?

Ang bawat province at territory ay may kani-kanyang sariling paraan ng pagsusumite ng victim impact statement. Ang victim impact statement form ay maaaring ibigay ng pulis, ng victim services, o ng prosecutor sa biktima. Ang biktima ay maaaring humingi ng tulong sa victim impact statement program sa isang province o territory upang mapunan niya ang pormularyo. Dapat ibalik ng biktima ang kinompletong pormularyo sa victim services, sa prosecutor, o sa clerk ng Hukuman.

Bago pagpasiyahan ng Hukuman ang sentensiya ng táong nagkakasala, dapat muna nito tanungin kung binigyan ang biktima ng pagkakataong maghanda ng isang victim impact statement. Maaaring i-adjourn (ipagpaliban) ng Hukuman ang mga paglilitis para sa pagsentensiya upang mapahintulutan ang biktima na maghanda ng isang victim impact statement.

Ang táong nagkakasala o ang kanyang abogado ay bibigyan ng kopya ng kinompletong pormularyo ng victim impact statement at maaari nito i-cross-examine ang biktima tungkol sa statement.

## Maaari bang ibigay ang victim impact statement sa ibang mga hearing (pandinig)?

Kapag ang akusado ay natuklasang “not criminally responsible” dahil sa mental disorder, pagpapasiyahan ng Hukuman o ng Review Board ang mga tamang hakbang para sa kanya. Alinsunod sa Criminal Code, dapat isaalang-alang ng Hukuman o ng Review Board ang victim impact statement sa mga ganoong hearing. Ang mga biktima ay may karapatang masabihan tungkol sa mga ganoong hearing, at maaari nilang basahin nang malakas ang kanilang statement. Maaaring gamitin ng mga biktima ang victim impact statement form na nasa Criminal Code, o maaari nila gamitin ang pormularyong nilikha ng province o ng territory kung saan isinasagawa ang hearing.

Ang survivors (mga taong iniwan) ng mga biktimang napatay ay maaaring magpresenta ng ibang uri ng victim impact statement. Ito’y kinakailangan kapag ang isang táong nagkakasala na sinesentensiyang mabilanggo nang habang-buhay ay nag-apply na mabawasan ang kahabaan ng panahon na siya’y kailangang maghintay para sa parole, sa ilalim ng seksyon 745 ng Criminal Code. Alinsunod sa Criminal Code, isasaalang-alang ng Hukuman ang anumang impormasyon na ibibigay ng survivors ng biktima sa mga hearing na ito. Maaaring basahin ng mga biktima nang malakas ang kanilang statement, kung gusto nila.

Maaari rin ipresenta ng mga biktima ang victim statements -- na babasahin nang malakas o isusulat -- sa mga hearing ng Parole Board of Canada. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paggawa ng statement sa isang Parole Board hearing, bisitahin ang **Canada.ca/victims**.

## Saan pa ba makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Mayroong makukuhang tulong kung ikaw o isang táong kilala mo ay naging biktima ng isang krimen. Ang lahat ng provinces at territories ay nag-aalok ng mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen. Matutulungan ka nila kung kailangan mo ng impormasyon o ng ibang tulong. Ang Direktoryo ng Victim Services ay makakatulong sa iyo na humanap ng victim services malapit sa iyo:

**http://www.justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimes/vsd-rsv/index.html**

© Ang Mahal na Reyna bilang Pinuno ng Canada, na kinakatawan ng Minister of Justice at Attorney General ng Canada, 2015

ISBN 978-0-660-44820-6
Cat. No. J2-412/4-2023Tgl-PDF